© IJARW | ISSN (O) - 2582-1008
May 2026 | Vol. 7 Issue. 11
www.ijarw.com

# ISYUNG PANLIPUNAN SA FACEBOOK AT KASANAYANG PANGGRAMATIKA NG KRITIKA NG MGA MAG-AARAL SA PANAHON NG DIGITALISASYON

***Pearl Angelie C. Merculio [1], Dr. Charissa L. Canubas [2]***

*[1] Don Carlos Polytechnic College, Don Carlos, Bukidnon, Philippines*
*[2] Central Mindanao University, Musuan, Maramag, Bukidnon, Philippines*

**ABSTRACT**

***Kasabay ng mabilis na pag-unlad ng Facebook, ang mga mag-aaral ay nagiging mas aktibo sa pagpapahayag ng kanilang mga opinyon at pananaw sa mga isyung panlipunan. Gayunpaman, ang kakulangan sa kasanayan sa gramatika ay nagiging hadlang sa epektibong komunikasyon. Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang mga napapanahong isyu sa lipunan na kadalasang nakikita ng mga mag-aaral, masuri ang uri ng kanilang kritika, tukuyin ang karaniwang kamalian sa gramatika, at magmungkahi ng mga estratehiya upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa tamang paggamit ng gramatika. Isinagawa ang pananaliksik gamit ang kwalitatibong disenyo na may deskriptibong analitikal na lapit. Ginamit ang Video Elicitation with Written Response bilang pangunahing instrumento, kalakip ang sarbey at open-ended na tanong upang mapalalim ang datos. Sa pagpili ng mga kalahok, ipinatupad ang purposive sampling upang matiyak ang kaugnayan ng mga respondente sa layunin ng pag-aaral. Sinuri ang mga nakalap na datos sa pamamagitan ng thematic analisis upang matukoy ang uri ng kritika at mga kamalian sa gramatika. Lumabas sa resulta na ang mga isyung madalas tinutukoy ng mga mag-aaral ay ang agawan ng teritoryo sa West Philippine Sea, kontrobersiyal na pagkakakilanlan ni Mayor Alice Guo, pagtaas ng presyo ng mga bilihin, at pagpapatupad ng batas sa diborsiyo. Natukoy na ang uri ng kritika ay emosyonal, ideolohikal, impulsibo, at anekdotal samantalang ang karaniwang kamalian sa gramatika ay pagbaybay, pagbabantas, maling paggamit ng malaki at maliit na titik, pagdurugtong o paghihiwalay ng salita, pag-uulit ng pantig, at pagpapaikli ng salita. Iminumungkahi ng pag-aaral ang sistematikong pagtuturo ng gramatika, pagbibigay ng sapat na pagsasanay at feedback, integrasyon sa pagtuturo, pagpapalawak ng pagkakataon sa pagpapahayag, pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip, at paggamit ng epektibong kagamitang panturo upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa gramatika.***

***Keyword: Isyung Panlipunan, Kakayahang Gramatika, Kritika, Digitalisasyon***

## 1. INTRODUKSIYON

Ang mabilis na pag-unlad ng teknolohiya ay nagbunsod ng digitalisasyon na nagdulot ng malalaking pagbabago sa iba't ibang aspekto ng buhay ng tao. Isa sa pinakamahalagang epekto nito ay ang mas mabilis na komunikasyon at pagbabahagi ng impormasyon sa pamamagitan ng *social media platforms*. Ang mga platapormang ito ay nagsilbing daluyan upang ang mga tao ay maging mas mapagmatyag, aktibo, at kritikal sa mga pangyayari sa kanilang kapaligiran.

Mahalaga ang papel ng *Facebook* bilang isa sa pinakapopular na *social media platforms* na ginagamit ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pag-ere ng balita, opinyon, at diskusyon hinggil sa mga napapanahong isyu, nagiging mas malawak ang kaalaman at kamalayan ng mga mag-aaral. Batay sa datos ng *Global Data & Statistics* (2024), mayroong 5.17 bilyong tao ang gumagamit ng *social media*, katumbas ng 63.82% ng populasyon sa buong mundo, at higit sa 3.05 bilyon dito ay aktibong gumagamit ng *Facebook*. Sa Pilipinas naman, ayon sa Data Reportal (2024), 86.75 milyon ang gumagamit ng *social media* na binubuo ng 73.4% ng kabuuang populasyon, na nagpapakita ng malalim na integrasyon ng *social media* sa pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino.

Ipinakita sa pag-aaral nina Duncan at Barczyk (2016) na ang *Facebook* ay nakapagpapalakas ng diwa ng pamayanan at aktibong paglahok ng mga estudyante na nagiging mahalagang bahagi ng kanilang pormal at impormal na edukasyon. Dagdag pa rito, natuklasan nina Bowen et al. (2017) na ginagamit ng mga mag-aaral ang *social media* upang makilahok sa mga kampanya at talakayan hinggil sa mga isyung panlipunan, na nagiging daan sa mas aktibong pakikilahok sa komunidad.

Gayunpaman, sa kabila ng aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa mga diskurso sa *social media,* nananatiling hamon ang kakulangan sa kasanayang gramatika sa pagbibigay ng kritika at opinyon. Ayon kina Moquerio et al. (2023), ang *social media* ay maaaring makatulong sa pagpapaunlad ng kaalaman sa gramatika ng mga mag-aaral, ngunit ang labis na paggamit ng mobile applications ay nagdudulot ng kahinaan sa kasanayan. Dagdag pa rito, ipinakita ni Ricaforte (2022) na ang paggamit ng *cyber slang sa social media* ay may direktang epekto sa akademikong pagsulat ng mga estudyante, kung saan ang mga informal language patterns ay madalas naililipat sa kanilang akademikong pagsulat, na nagiging sanhi ng kahinaan sa gramatika at pagkakaugnay ng mga salita at ideya.

Bagama't malinaw ang papel ng *Facebook* sa pagpapalawak ng kaalaman at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral, kapansin-pansin na kulang pa rin ang sistematikong pagsusuri sa kanilang kasanayang gramatika sa pagbibigay ng kritika at opinyon sa mga isyung panlipunan. Kadalasan, nananatiling deskriptibo at personal ang kanilang mga pahayag, nang walang sapat na batayan, lohika, o masusing pag-uugnay sa mas malawak na konteksto ng lipunan. Dahil dito, nananatiling puwang ang kakulangan ng praktikal at sistematikong pamamaraan upang malinang ang kasanayang ito.

Isinagawa ang pananaliksik na ito upang matukoy at masuri ang karaniwang kamalian sa gramatika ng mga mag-aaral sa kanilang pagbibigay ng kritika at opinyon hinggil sa mga isyung panlipunan. Layunin nitong tuklasin kung paano maaaring mapaunlad ang kanilang kasanayan sa wika at gramatika upang maging mas malinaw, epektibo, at makabuluhan ang kanilang pakikilahok sa mga diskurso sa lipunan. Ang pag-aaral na ito ay napapanahon sapagkat sa kasalukuyang panahon ng digitalisasyon, ang kakayahang magpahayag nang wasto at kritikal ay mahalaga hindi lamang sa larangan ng edukasyon kundi pati na rin sa mas malawak na konteksto ng lipunan.

## 2. LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang mga kritika ng mga mag-aaral tungkol sa mga isyung panlipunan at ang karaniwang kamalian sa gramatika. Upang maisakatuparan ang layunin ng pag-aaral, sinikap ng mananaliksik na masagutan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano-ano ang mga isyung panlipunan na madalas nakikita ng mga mag-aaral sa *Facebook?*

2. Ano-ano ang uri ng kritika ng mga mag-aaral tungkol sa mga napapanahong isyung panlipunan?

3. Ano-ano ang mga kamalian sa gramatika na makikita sa kritika ng mga mag-aaral hinggil sa mga napapanahong isyung panlipunan?

4. Paano mapapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa tamang paggamit ng gramatika upang sila ay magkaroon ng kalayaan at kasanayan sa pagpapahayag?

## 3. METODOLOHIYA

### *3.1 Disenyo*

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwalitatibong disenyo na may deskriptibong analitikal na lapit. Layunin nitong mailarawan at masuri ang mga komento at kritika ng mga mag-aaral hinggil sa mga napapanahong isyu sa lipunan batay sa kanilang isinulat na reaksyon matapos mapanood ang mga bidyo.

### *3.2 Lokal ng Pag-aaral*

Isinagawa ang pag-aaral sa Don Carlos Polytechnic College, isang institusyong pang-edukasyon na pinamumunuan ng lokal na pamahalaan ng munisipalidad ng Don Carlos, Bukidnon.

### *3.3 Kalahok*

Ang mga kalahok ay ang apatnapu't siyam (49) na mag-aaral na kasalukuyang nasa ikalawang taon ng kursong Bachelor of Elementary Education sa *midyear class* taong 2023-2024. Gumamit ang mananaliksik ng *purposive sampling* batay sa kanilang antas ng kaalaman sa wika at kakayahang magsuri ng mga isyung panlipunan.

### *3.4 Instrumento*

Ang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos ay ang *Video Elicitation with Written Response.* Sa paraang ito, ipinakita ng mananaliksik ang apat na maikling bidyo mula sa *Facebook* na tumatalakay sa mga napapanahong isyu sa lipunan. Pagkatapos mapanood, ipinasulat sa mga mag-aaral ang kanilang komento sa isang *open-ended response sheet* upang bigyang kalayaan ang kanilang pagpapahayag. Ang instrumento ay dumaan sa content validation ng dalawang guro sa Filipino at isinailalim sa pilot testing mula sa ibang klase upang matiyak ang kalinawan ng instruksyon bago ang aktwal na pangangalap ng datos.

### *3.5 Paraan ng Pangangalap ng Datos*

Sa aktwal na pangangalap ng datos, ipinaliwanag muna ng mananaliksik ang layunin ng pag-aaral at ang proseso ng pagsagot. Pagkatapos ay ipinakita ang apat na bidyo sa klase at binigyan ang mga kalahok ng limang minuto upang maisulat ang kanilang komento hinggil sa napapanahong isyu. Ang lahat ng kanilang naisulat na kritika ay agad na tinipon at sinuri upang matiyak ang pagiging kumpleto at kaugnayan ng mga sagot.

### *3.6 Pagsusuri ng Datos*


Matapos makolekta ang mga isinulat na komento, isinagawa ang pagsusuri gamit ang *thematic analysis*. Sinuri kung ang mga komento ay may kaugnayan sa ipinakitang isyu, pagkatapos ay sinuri ang uri ng komento at hinimay ang mga karaniwang kamalian sa gramatika batay sa alituntunin ng wikang Filipino. Mula rito ay dinalumat kung paano mapapahusay ang kasanayang panggramatika ng mga mag-aaral tungo sa mas malinaw, mahusay, at malayang pagpapahayag.

## 4. RESULTA AT DISKUSYON

### *4.1 Mga Isyung Panlipunan sa Facebook*

Ang *social media,* partikular ang *Facebook,* ay isa sa mga pangunahing plataporma kung saan nakikita at napag-uusapan ng mga mag-aaral ang iba't ibang napapanahong isyu sa lipunan. Sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga bidyo, *post,* at komento, nagiging mas malawak ang kanilang kamalayan sa mga pangyayari at suliraning panlipunan. Ang interaksyon sa *Facebook* ay hindi lamang nagiging daluyan ng impormasyon kundi nagsisilbing espasyo rin para sa pagpapahayag ng saloobin at pananaw ng mga mag-aaral. Dahil dito, mahalagang suriin kung ano-ano ang mga isyung panlipunan na madalas nilang nakikita sa *Facebook* at kung paano ito nakaaapekto sa kanilang mga komento at reaksyon.

Makikita sa pigura ang porsyento ng mga isyung panlipunan na karaniwang nakikita ng mga mag-aaral, na nagsisilbing batayan sa pagsusuri ng kanilang kamalayan at pananaw hinggil sa mga usaping umiiral sa lipunan.




Pigura 1: Mga Isyung Panglipunan sa *Facebook*

Batay sa sarbey na isinagawa, lumabas na ang mga mag-aaral ay madalas nakahaharap ng iba't ibang napapanahong isyu sa *Facebook.* Makikita sa pigura 1 na 34.69% ng mga respondente ang tumukoy sa isyu ng agawan ng teritoryo sa West Philippine Sea, 24.49% naman ang sa kontrobersiya sa pagkakakilanlan ni Mayor Alice Guo, 18.37% ang sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin, 14.29% ang sa usapin ng diborsyo, at 8.16% ang sa iba pang isyu gaya ng droga, kalamidad, korapsyon, at krimen.

Ipinapakita ng datos na ang mga mag-aaral ay nakatuon sa mga isyung may direktang epekto sa pambansang identidad, ekonomiya, at moralidad. Ang mataas na porsyento sa West Philippine Sea ay nagpapahiwatig ng malalim na kamalayan sa usaping pambansang seguridad. Samantala, ang isyu kay Alice Guo ay nagpapakita ng interes sa politika at identidad, habang ang pagtaas ng presyo ng bilihin ay sumasalamin sa pang-araw-araw na hamon ng mga mamamayan. Ang diborsyo naman ay nagbubukas ng diskurso sa moral at legal na dimensyon ng lipunan.

Ang resulta ay nagpapakita na ang *Facebook* ay nagsisilbing pangunahing plataporma ng mga mag-aaral sa pagbuo ng kanilang pananaw sa lipunan.

Ayon nina Soriano at Bastida (2024) na ang mataas na antas ng pakikipag-ugnayan sa *social media* ay kaugnay ng mas mataas na disposisyon sa kritikal na pag-iisip, subalit nakasalalay ito sa antas ng kasanayan sa impormasyon.

Ipinapakita ng datos na ang mga mag-aaral ay nakatuon sa mga isyung may direktang epekto sa pambansang identidad, ekonomiya, at moralidad. Ang mataas na porsyento sa *West Philippine Sea* ay nagpapahiwatig ng malalim na kamalayan sa usaping pambansang seguridad. Tulad ng binanggit sa ulat ng UP Marine Science Institute (2024), ang naturang isyu ay hindi lamang usaping teritoryal kundi isang *digital battlefield* kung saan ang naratibo at opinyon ng mga mamamayan ay nakaaapekto sa pambansang diskurso. Samantala, ang kontrobersiya kay Alice Guo ay nagbunsod ng malawak na diskurso sa *social media,* kung saan lumabas sa mga ulat ng South China Morning Post (2024) na karamihan sa mga komento ng netizens ay negatibo, nagpapakita ng kawalan ng tiwala at galit ng publiko. Ang pagtaas ng presyo ng bilihin naman ay sumasalamin sa pang-araw-araw na hamon ng mga mamamayan, gaya ng iniulat ng Philippine Statistics Authority (2024) hinggil sa inflation trends. Ang diborsyo ay patuloy na nagiging sensitibong paksa sa lipunan, gaya ng binanggit sa ulat ng Al Jazeera (2024), na nagbubukas ng diskurso sa moralidad, relihiyon, at karapatang pantao.

Samakatuwid, malinaw na ang mga mag-aaral ay aktibong nakikilahok sa diskurso sa *Facebook* hinggil sa mga napapanahong isyu. Ang kanilang mga komento ay nagiging batayan ng kanilang kamalayan at kritikal na pag-iisip, subalit kinakailangan pa ring palalimin ang kasanayan sa gramatika at pang-unawa upang maging mas malinaw, epektibo, at makabuluhan ang kanilang pagpapahayag. Ang resulta ay nagbibigay-daan sa pagbuo ng mga interbensyon na nakatuon sa pagpapalakas ng kasanayang pangwika at kritikal na pagsusulat ng mga mag-aaral.

### 4.2 EMOSYONAL NA KRITIKA NG MGA MAG-AARAL

Ang emosyonal na kritika ay tumutukoy sa mga pahayag at opinyon ng mga mag-aaral na nakabatay sa kanilang damdamin, personal na karanasan, at emosyonal na reaksyon sa mga napapanahong isyu. Sa halip na nakasentro sa lohikal na pagsusuri o ebidensyal na batayan, ang ganitong uri ng kritika ay nagpapakita ng matinding galit, pangamba, pag-asa, at pagkadismaya.

Makikita sa Talahanayan 1 ang mga kritika ng mga mag-aaral na nabibilang sa Emosyonal na Kritika. Nakapaloob dito ang apat na pangunahing isyu na kanilang tinugunan, ang mga kritika o komento ng mga mag-aaral at uri ng damdaming nakapaloob sa bawat kritika.

Talahanayan 1: Mga emosyonal na Kritika ng mga Mag-aaral

| Isyu | Halimbawa ng Komento | Uri ng Damdamin |
|---|---|---|
| West Philippine Sea | "Ang mga Chinese ay napakalupit sa mga Pilipino, mga walang awa dahil binobomba nila ang mga Pilipino." | Galit / Pagkainis |
| | "Grabe na kayo China, nakapangalan na nga sa amin, aagawin nyo pa! Hilig niyo ding mangangkin." | Galit/ Pagdismaya |
| | "Sana hinde nalang humantong sa pag-aagawan sa West Philippine Sea." | Pag-asa / Pangamba |
| | "Sa ngayun lahat tayo ay nangangamba sa ating kaligtasan sa gulo sa Philippine Sea." | Takot / Pag-aalala |
| | "Walang hiya ang China. Walang awa. Kapal ng mga mukha." | Galit / Pagkainis |
| Pagkaka-kilanlan ni Alice Guo | "Dapat malaman talaga kung ano ba talaga ang pagkakakilanlan ni Alice Guo kasi para din sa ating kaligtasan laban sa mga kalaban." | Pag-aalala / Pangamba |
| | "Si Alice Guo ay sinungaling dahil sa madaming isyu at paratang sa kanya." | Pagkainis / Pagdududa |
| | "Ang masasabi kolang dito ay dapat talaga siyang maparusahan…" | |
| Presyo ng Bilihin | "Dapat aksyonan ni President Marcos ang kanyang mga pangako na lahat ng bilihin ay kanyang ipababa." | Pagkabalisa / Pagdismaya |
| | "Patuloy parin isusulong na sana bumaba ang presyo ng bigas dahil malaking tulong ito para hindi magutom." | Pag-asa / Pag-aalala |

| | | |
|---|---|---|
| | "Ang pagtaas ng bigas ay ang pinakalaking suliranin ng ating bansa… dahilan ng mataas na antas ng malnutrisyon." | Pag-aalala / Pagkabahala |
| | "Nakakalungkot na ang mga bilihin ngayun ay magtaas na." | |
| | "Wala pang eleksiyon ang pangako ay pagmura ng bilihin pero napapamura ang mga Pilipino sa taas ng presyo." | Pagkainis / Pagdismaya |
| | "Ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin ay isa sa pinaka nagpapahirap sa bawat mamamayan." | Pag-aalala / Pagkabahala |
| Diborsyo | "Maraming umaayaw sa diborsyo dahil nakakasira daw ito ng pagiging kompletong pamilya…" | Pag-aalala / Pangamba |
| | "Dibale ng magkawatak-watak ang pamilya kisa mamatay ka sa bugbog at pasa. Lahat ng kababaihan ay may karapatang lumaya." | Galit / Pag-asa |
| | "Ito ay usap-usapin ng buong Pilipinas… maaaring mawawalan ng paki ang mga tao." | Pag-aalala / Pagkabahala |
| | "Ito ang napaka-komplikadong desisyon ng mga mag-asawa… unang maaapektuhan ay ang mga anak." | Pag-aalala / Pagkabahala |

Batay sa mga datos, ang mga mag-aaral ay nagbigay ng iba't ibang komento na nabibilang sa emosyonal na kritika. Ang kanilang mga pahayag ay nakatuon sa apat na pangunahing isyu: (1) agawan ng teritoryo sa West Philippine Sea, (2) kontrobersyal na pagkakakilanlan ni Alice Guo, (3) pagtaas ng presyo ng mga bilihin, at (4) pagpapatupad ng batas sa diborsyo. Sa bawat isyu, lumitaw ang mga damdamin ng galit, pangamba, pag-asa, pagkadismaya, at pagkabalisa.

Sa usapin tungkol sa West Philippine Sea, lumitaw ang matinding galit laban sa China. Ito ay ipinapakita sa pahayag na *"Walang hiya ang China. Walang awa. Kapal ng mga mukha"*, samantalang sa presyo ng bilihin ay lumitaw ang pagkadismaya sa pamahalaan kagaya ng *"Wala pang eleksiyon ang pangako ay pagmura ng bilihin pero napapamura ang mga Pilipino sa taas ng presyo".* Sa diborsyo, lumitaw ang emosyonal na argumento hinggil sa pamilya at kalayaan ng kababaihan tulad ng komento na *"Dibale ng magkawatak-watak ang pamilya kisa mamatay ka sa bugbog at pasa. Lahat ng kababaihan ay may karapatang lumaya".*

Ang mga datos ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay nagbibigay ng kritika batay sa damdamin kaysa lohikal na pagsusuri. Sa West Philippine Sea, nangingibabaw ang galit at takot sa kapangyarihan ng China, na nagbubunga ng matinding emosyonal na pahayag laban sa bansang Tsina. Sa mataas na presyo ng bilihin, lumitaw ang emosyonal na pagkadismaya sa hindi pagtupad ng pangako ng pamahalaan, kasabay ng pag-asa na bumaba ang presyo ng bigas upang maiwasan ang kagutuman. Sa diborsyo, lumitaw ang emosyonal na argumento hinggil sa pamilya at kalayaan ng kababaihan, na nagpapakita ng matinding damdamin sa usapin ng pang-aabuso at karapatan. Sa kaso ni Alice Guo, lumitaw ang emosyonal na pagkainis at pangamba sa kanyang pagkakakilanlan, na nakabatay sa personal na pagdududa kaysa sa obhetibong ebidensya. Ang mga pahayag na ito ay nagpapakita ng holistikong pananaw ng mga mag-aaral na nakaugat sa kanilang damdamin, ngunit kulang sa sistematikong pagsusuri at ebidensyal na batayan.

Ang pag-iral ng emosyonal na kritika ay may dalawang mahalagang implikasyon. Una, nagpapakita ito ng kamalayan ng mga mag-aaral sa mga isyu at ng kanilang aktibong pakikilahok sa diskurso, na mahalaga sa paghubog ng kritikal na pag-iisip. Ikalawa, ipinapakita rin nito ang pangangailangan ng masusing pagsasanay upang maiangat mula sa damdamin tungo sa mas obhetibong pagsusuri. Kung hindi gagabayan, ang emosyonal na kritika ay maaaring mauwi sa ad hominem o anekdotal na argumento na mahina ang lohikal na batayan.

Ayon kay Nussbaum (2001), ang emosyon ay may mahalagang papel sa moral at pampublikong diskurso sapagkat ito ay nag-uugnay sa indibidwal at sa lipunan. Gayunpaman, binigyang-diin niya na ang emosyon ay dapat samahan ng lohikal na pagsusuri upang maiwasan ang bias at maling konklusyon. Ang pananaw na ito ay makikita sa mga komento ng mga mag-aaral na puno ng galit at pangamba, gaya ng sa isyu ng West Philippine Sea, kung saan ang damdamin ay nangingibabaw kaysa sa ebidensya.

Samantala, ayon kay Plantin (2019), ang emosyon sa argumento ay maaaring magpalakas ng diskurso, ngunit kung walang ebidensya, nagiging

mahina ang batayan ng kritika. Ang obserbasyong ito ay tumutugma sa mga pahayag ng mga mag-aaral hinggil sa mataas na presyo ng bilihin, kung saan ang kanilang mga komento ay nakabatay sa pagkadismaya at pag-asa, ngunit kulang sa konkretong datos.

Dagdag pa rito, sina Martin at White (2005) sa kanilang Appraisal Theory ay nagpakita kung paano ginagamit ang wika upang ipahayag ang damdamin, saloobin, at pananaw. Ang teoryang ito ay makikita sa mga komento ng mga mag-aaral na gumagamit ng mga salitang *walang hiya, napakalupit,* at *sana*, na nagpapakita ng emosyonal na pagtingin sa mga isyu.

Sinusuportahan naman ito sa pag-aaral ni Ybañez (2020) na ang emosyon ay bahagi ng pampanitikang kritisismo, ngunit dapat itong balansehin ng lohika at ebidensya upang maging akademikong matibay. Ang kanilang pananaw ay mahalaga sa pag-unawa sa emosyonal na kritika ng mga mag-aaral, sapagkat ipinapakita nito na bagama't natural ang paggamit ng damdamin sa pagsusuri, kinakailangan pa rin ng masusing gabay upang maiangat ito tungo sa mas sistematikong pag-aanalisa.

Sa kabuoan, ang resulta ng pag-aaral hinggil sa emosyonal na kritika ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may malalim na kamalayan sa mga napapanahong isyu, subalit ang kanilang pagsusuri ay higit na nakabatay sa damdamin kaysa sa lohika at ebidensya. Ang kanilang mga pahayag ay nagbigay-diin sa galit, pangamba, pag-asa, at pagkadismaya, na bagama't mahalaga sa pagpapahayag ng kanilang saloobin, ay nangangailangan ng masusing gabay upang maiangat tungo sa mas sistematikong pagsusuri.

## 4.3 IDEOLOHIKAL NA KRITIKAL NG MGA MAG-AARAL

Ang ideolohikal na kritika ng mga mag-aaral ay nakabatay sa kanilang matibay na paninindigan at paniniwala hinggil sa mga isyung panlipunan, pampulitika, at pang-ekonomiya. Sa kanilang mga sagot, makikita ang pagbibigay-diin sa nasyonalismo, feminismo, sosyo-ekonomikong kamalayan, at anti-korapsyon bilang pangunahing lente ng pagsusuri. Ang ganitong uri ng kritika ay hindi lamang nakatuon sa pagbibigay ng opinyon, kundi nagsisilbing pagpapahayag ng mas malalim na prinsipyo at ideolohiya na naglalayong ipagtanggol ang soberanya ng bansa, itaguyod ang karapatang pantao, at hilingin ang reporma sa pamahalaan at lipunan. Sa pamamagitan nito, naipapakita ng mga mag-aaral na ang kanilang pananaw ay nakaugat sa mas mataas na antas ng kamalayan na may layuning magpabago at magbigay ng makabuluhang diskurso sa lipunan.

Makikita sa Talahanayan 2 ang mga pangunahing isyu, ang mga komento ng mga mag-aaral, at ang mga ideolohikal na pananaw na naipapahayag sa kanilang mga kritika.

Talahanayan 2: Mga Ideolohikal na Kritika ng mga Mag-aaral

| Isyu | Komento ng Mag-aaral | Ideolohikal na Pananaw |
|---|---|---|
| Agawan ng Teritoryo sa West Philippine Sea | "Dapat yong mga Chinese ay huwag ng makialam, angkinin at kontrolin, dahil ang West Philippine Sea ay para sa Pilipinas."<br>"Ang presidente ng China ay ganid sa kayamanang dagat kaya pati West Philippine Sea inaangkin…"<br>"Nakakabahala ito para sa atin bilang mamamayang Pilipino dahil makapangyarihan ang bansang Tsina kompara sa atin."<br>"Ang West Philippine Sea ay sa atin bayan ng Pilipino, pangalan pa lang na Philippine Sea…"<br>"Sa laki ng China, bakit nga ba pilit nilang inaagaw… Hindi naman makatarungan…" | Nasyonalismo anti-imperyalismo, pagtatanggol sa soberanya |
| Kontrober-syal na Pagkakaki-lanlan ni Alice Guo | "Ang bulok ng sistema ng Pilipinas dahil sa isyu ni Alice Guo…"<br>"Si Alice Guo ay isa palang Tsina at hindi Pilipina… malaking labag sa ating ekonomiya dahil sa POGO HUB." | Kritika sa pamahalaan, anti-korapsyon, proteksyon sa pambansang identidad |

| | | |
|---|---|---|
| | "Dapat talaga siyang maparusahan dahil sa mga bagay na mali niyang ginawa dito sa Pilipinas." "Mali talaga ang ginagawa ni Alice Guo dahil walang kumpletong papeles…" | |
| Pagtaas ng Presyo ng mga Bilihin | "Dapat talagang bigyang-pansin ng mambabatas na baguhin ang mga presyo ng bilihin…" "Dapat na tuunan ito ng pansin ng gobyerno dahil maraming Pilipino ang nagugutom…" | Sosyo-ekonomikong pananaw, panawagan sa reporma sa ekonomiya |
| Pagpapatupad ng Batas sa Diborsyo | "Nakakabuti kung ito ay ipapatupad dahil maraming babae ang naabuso sa kanilang mga asawa." "Makakatulong na malutas ang mga problemang pang-aabuso sa pamilyang sira…" "Ito ay usap-usapin ng buong Pilipinas… maaaring mawawalan ng paki ang mga tao." "Napaka-komplikadong desisyon ng mga mag-asawa dahil unang maaapektuhan ang mga anak…" "Ang deborsyon ay isang pinakamainit na isyu… nagdudulot ito ng malaking apekto sa mga kabataan" | Feminismo, karapatang pantao, moralidad, pampamilyang pananaw |

Batay sa datos, ang kabuoang komento at Ideolohikal na pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa apat na pangunahing isyu. Sa West Philippine Sea, lumitaw ang mga pahayag na puno ng nasyonalistikong damdamin at pagtutol sa panghihimasok ng Tsina. Ilan sa mga komento *ay "Dapat yong mga Chinese ay huwag ng makialam, angkinin at kontrolin, dahil ang West Philippine Sea ay para sa Pilipinas"* at *"Ang presidente ng China ay ganid sa kayamanang dagat kaya pati West Philippine Sea inaangkin…".*

Sa isyu tungkol sa kontrobersyal na pagkakakilanlan ni Alice Guo, binigyang-diin ng mga mag-aaral ang kahinaan ng sistema ng pamahalaan at ang banta ng dayuhang impluwensiya. Ipinapakita sa mga pahayag na *"Ang bulok ng sistema ng Pilipinas dahil sa isyu ni Alice Guo…"* at *"Si Alice Guo ay isa palang Tsina at hindi Pilipina… malaking labag sa ating ekonomiya dahil sa POGO HUB."*

Sa pagtaas ng presyo ng bilihin, nakatuon ang mga komento sa kahirapan ng mamamayan at kakulangan ng gobyerno sa pagtugon. Isa sa kanila ang nagsabi na *"Dapat talagang bigyang-pansin ng mambabatas na baguhin ang mga presyo ng bilihin dahil hindi sapat ang sahod ng mga mamamayan."* Samantala, sa diborsyo, lumitaw ang mga pananaw na nakaugat sa feminismo at karapatang pantao. Ito ay makikita sa mga pahayag na *"Nakakabuti kung ito ay ipapatupad dahil maraming babae ang naabuso sa kanilang mga asawa"* at *"Napaka-komplikadong desisyon ng mga mag-asawa dahil unang maaapektuhan ang mga anak."*

Ang mga komento ng mag-aaral ay nagpapakita ng masidhing damdamin at paninindigan na nakabatay sa ideolohiya. Sa *West Philippine Sea*, nangingibabaw ang nasyonalismo at anti-imperyalismo, na nagpapakita ng kanilang pagnanais na ipagtanggol ang soberanya ng bansa laban sa banyagang kapangyarihan. Sa kaso ni Alice Guo, lumitaw ang kritika laban sa pamahalaan at sa sistemang madaling masakop ng dayuhan, na nagpapakita ng panawagan para sa mas mahigpit na proteksyon sa pambansang identidad. Sa pagtaas ng presyo ng bilihin, malinaw ang sosyo-ekonomikong pananaw na nakatuon sa kahirapan at pangangailangan ng reporma sa pamahalaan. Samantala, sa diborsyo, lumitaw ang feminismo at karapatang pantao, na nagbibigay-diin sa pangangailangan ng proteksyon laban sa pang-aabuso at sa karapatan ng bawat indibidwal na pumili ng mas makataong solusyon sa problemang pampamilya.

Ang mga ideolohikal na pananaw ng mga mag-aaral ay nagpapakita ng kanilang kamalayan sa mas malalim na dimensiyon ng lipunan. Ang nasyonalismo ay sumasalamin sa kanilang pagkakakilanlan bilang Pilipino na handang ipaglaban ang karapatan sa teritoryo. Ang feminismo at karapatang pantao ay nagpapakita ng

kanilang malasakit sa kapakanan ng kababaihan at pamilya. Ang sosyo-ekonomikong kamalayan ay nagbubunyag ng kanilang pagkilala sa kahirapan at pangangailangan ng reporma sa pamahalaan. Ang anti-korapsyon at kritika sa pamahalaan ay nagpapakita ng kanilang pagnanais ng mas malinis at makatarungang pamamahala. Sa kabuuan, ang mga pananaw na ito ay hindi lamang repleksiyon ng kanilang personal na opinyon, kundi bahagi ng mas malawak na diskurso na nakaugat sa ideolohiya.

Ang mga pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa West Philippine Sea ay tumutugma sa mga umiiral na pag-aaral na nagpapakita ng matinding damdamin ng mga Pilipino sa usapin ng soberanya. Ayon kay Regondola (2024), ang alitan sa West Philippine Sea ay hindi lamang usapin ng teritoryo kundi isang mahalagang bahagi ng pambansang seguridad, na nagpapalakas sa nasyonalistikong paninindigan ng mga mamamayan.

Samantala, ang sosyo-ekonomikong pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa pagtaas ng presyo ng bilihin ay may batayan sa pananaliksik ni Punongbayan (2024). Sa kanyang pag-aaral, ipinakita na ang inflation sa Pilipinas mula 2001-2023 ay may direktang epekto sa kabuhayan ng mga mamamayan, at ito ay nagiging sentro ng panawagan para sa reporma sa ekonomiya na eksaktong ipinahayag din ng mga mag-aaral sa kanilang komento.

Sa kabilang banda, ang feminismo at karapatang pantao na lumitaw sa mga komento hinggil sa diborsyo ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Alibudbud et al. (2024). Binanggit nila na ang kawalan ng divorce law sa Pilipinas ay nagdudulot ng patuloy na pang-aabuso at paglabag sa karapatan ng kababaihan, at ang legalisasyon ng divorce ay makakatulong upang maprotektahan ang mga pamilyang nakararanas ng karahasan. Ang pananaw na ito ay tumutugma sa mga komento ng mga mag-aaral na ang batas na ito ay makakatulong sa mga pamilyang nakararanas ng pang-aabuso.

Sa kabuoan, ang mga mag-aaral ay may kakayahang magbigay ng mas malalim na pagsusuri na nakatuon sa pagbabago at makabuluhang diskurso sa lipunan. Sa pamamagitan ng kanilang ideolohikal na kritika, naipapakita ang kahalagahan ng edukasyon sa paghubog ng kamalayan, paninindigan, at pagiging aktibong kalahok ng kabataan sa pambansang usapin.

### *4.4 Impulsibong Kritika ng mga Mag-aaral*

Ang impulsibong kritika ay tumutukoy sa mga pahayag na agad na ibinibigay batay sa bugso ng damdamin o unang impresyon, nang walang masusing pagsusuri o lohikal na batayan. Karaniwang nakaugat ito sa takot, galit, o matinding emosyon na nag-uudyok ng mabilis na reaksyon. Sa mga komento ng mag-aaral, makikita ang ganitong uri ng kritika sa mga mungkahing pabigla-bigla at hindi pinag-isipan, gaya ng pagsuko ng teritoryo upang maiwasan ang gulo o ang pagtanggap ng anumang sakripisyo kahit maraming madadamay.

Makikita sa talahanayan 3 ang mga halimbawa ng komento ng mag-aaral na nagpapakita ng impulsibong pananaw, kung saan malinaw na ang kanilang tugon ay nakabatay sa agarang emosyon kaysa sa sistematikong pag-aanalisa.

Talahanayan 3: Mga Impulsibong Kritika ng mga Mag-aaral

| Isyu | Komento ng Mag-aaral | Impulsibong Pananaw |
|---|---|---|
| Agawan ng Teritoryo sa West Philippine Sea | “Wala akong paki-alam… bahala na kong anoman ang mangyayari.”<br><br>“Para maiwasan ang gulo, ibigay nalang sa China…” | Pabigla-biglang mungkahi, nakabatay sa takot o bugso ng damdamin, hindi dumaan sa masusing pagsusuri o lohikal na pag-aanalisa. |

Batay sa datos, ang mga komento ng mag-aaral ay nagpapakita ng agarang reaksyon na hindi isinasaalang-alang ang mas malawak na epekto ng kanilang mungkahi. Sa pahayag na *“Wala akong paki-alam kong maraming madadamay na tao sa China dahil para sakin sa atin ang West Philippine Sea… bahala na kong anoman ang mangyayari,”* makikita ang matinding determinasyon na ipaglaban ang teritoryo kahit na may kapalit na sakripisyo, na malinaw na nakabatay sa bugso ng damdamin kaysa sa lohikal na pagsusuri. Samantala, sa komento na *“Para maiwasan ang gulo, ibigay nalang sa China ang West Sea para hindi hahantong sa gyera,”* lumilitaw ang takot na nagbunsod ng pabigla-biglang mungkahi ng pagsuko ng teritoryo upang maiwasan ang

digmaan. Ang dalawang pahayag na ito ay kapwa nagpapakita ng impulsibong kritika sapagkat ang kanilang mga tugon ay mabilis, emosyonal, at hindi dumaan sa masusing pag-aanalisa ng pangmatagalang implikasyon sa bansa at mamamayan.

Ang pagkakaroon ng impulsibong kritika sa mga komento ng mag-aaral ay nagpapahiwatig na may pangangailangan sa mas malalim na pagsasanay sa kritikal na pag-iisip at regulasyon ng emosyon. Kung hindi ito matutugunan, maaaring magpatuloy ang mga desisyon na nakabatay lamang sa damdamin, na nagdudulot ng hindi matatag na pananaw sa mga isyung panlipunan at pambansa. Sa konteksto ng edukasyon, mahalagang bigyang-diin ang mga estratehiya sa pagtuturo na nakatuon sa lohikal na pagsusuri, pagbibigay-ebidensya, at balanseng pagtingin upang maiwasan ang mga pabigla-biglang tugon na walang matibay na batayan.

Ipinapakita ng impulsibong kritika ang antas ng pag-iisip ng mga mag-aaral na nakasentro sa agarang emosyonal na reaksyon. Ang kanilang pananaw ay hindi pa ganap na nakaugat sa lohikal na pag-aanalisa, kundi sa mabilis na desisyon na dulot ng takot o matinding damdamin. Ang ganitong uri ng tugon ay nagpapakita ng kahinaan sa regulasyon ng emosyon at kakulangan sa kritikal na pag-iisip. Ayon kina Johnson et al. (2019), ang impulsibong tugon ay kadalasang kaugnay ng emosyonal na tensyon na naglilimita sa kakayahang mag-isip nang mas malalim. Dagdag pa rito, binanggit nina Liu et al. (2021) na ang mababang antas ng kritikal na disposisyon ay nagiging sanhi ng hindi epektibong pagdedesisyon sa harap ng komplikadong isyu.

Sa kabuoan, ang impulsibong kritika ay isang mahalagang kategorya ng pagsusuri sapagkat ipinapakita nito ang limitasyon ng mga mag-aaral sa pagharap sa mga isyu. Ang kanilang mga pahayag ay nagsisilbing indikasyon ng antas ng pag-iisip na nakabatay pa lamang sa emosyonal na reaksyon. Pinatutunayan ng mga umiiral na pananaliksik na ang impulsibidad ay kaugnay ng mababang antas ng regulasyon ng emosyon at kakulangan sa kritikal na pag-iisip, kaya't mahalagang gabayan ang mga mag-aaral upang maiangat ang kanilang pagsusuri mula sa impulsibong tugon tungo sa mas sistematikong pag-aanalisa na nakabatay sa ebidensya at lohika. Sa ganitong paraan, ang impulsibong kritika ay nagiging daan upang masuri ang kahinaan ng mga mag-aaral at magsilbing batayan sa pagpapalakas ng kanilang kakayahan sa kritikal na pagsusuri.

### *4.5 Anekdotal na Kritika ng mga Mag-aaral*

Ang anekdotal na kritika ay nakabatay sa mga pahayag na hango sa personal na karanasan, obserbasyon, o impormasyong nakuha mula sa midya. Hindi ito gumagamit ng sistematikong ebidensya, kundi nakasalalay sa mga natunghayan, narinig, o napanood ng indibidwal. Ang ganitong uri ng kritika ay nagpapakita ng pananaw na limitado ngunit nagbibigay ng dagdag na perspektiba sa mas malawak na diskurso.

Makikita sa Talahanayan 4 ang mga pangunahing isyu, ang mga komento ng mga mag-aaral, at ang mga anekdotal na pananaw na naipapahayag sa kanilang mga kritika.

Talahanayan 4: Mga Kritikang Anekdotal ng mga Mag-aaral

| Isyu | Komento ng Mag-aaral | Anekdotal na Pananaw |
|---|---|---|
| Kontrobersyal na Pagkakakilanlan ni Alice Guo | "Sa lahat ng bidyu… memoryado at pinag-aralan… hindi siya nagsasabi ng totoo." | Nakabatay sa sariling obserbasyon. |
| Pagtaas ng Presyo ng mga Bilihin | "Batay sa balita… tinagu ang mga bigas at ito ay bininta ng mahal…" | Nakabatay sa narinig at napanood. |

Batay sa datos, ang mga komento ng mag-aaral ay nagpapakita ng paggamit ng anekdotal na batayan sa kanilang pagsusuri. Sa pahayag na *"Sa lahat ng bidyu na nakita ko… memoryado at pinag-aralan… hindi siya nagsasabi ng totoo,"* malinaw na nakabatay ang kritika sa personal na obserbasyon mula sa napanood na bidyo. Samantala, sa komento na *"Batay sa balita na aking nakita at narinig… tinagu ang mga bigas at ito ay bininta ng mahal,"* makikita ang pag-angkla ng pananaw sa impormasyong nakuha mula sa midya. Ang dalawang halimbawa ay nagpapakita ng limitadong ebidensya, ngunit nagbibigay ng dagdag na pananaw na nakaugat sa karanasan at narinig ng indibidwal.

Ipinapakita ng anekdotal na kritika na ang mga mag-aaral ay nakasalalay pa sa personal na

obserbasyon at impormasyong nakuha mula sa midya sa pagbibigay ng kanilang pananaw. Bagama't hindi ito maituturing na matibay na ebidensya, nakapag-aambag ito ng karagdagang perspektiba sa diskurso. Ang ganitong uri ng kritika ay nagpapakita ng antas ng kamalayan ng mga mag-aaral na nakabatay sa kanilang karanasan at pagkakalantad sa impormasyon na maaaring magsilbing panimulang hakbang tungo sa mas malalim na pagsusuri.

Ang pagkakaroon ng anekdotal na kritika ay nagpapahiwatig na mahalagang palakasin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng mas sistematikong ebidensya at lohikal na pagsusuri. Kung mananatili lamang sa anekdotal na batayan, maaaring magdulot ito ng limitadong pag-unawa sa mga isyu. Gayunpaman, nagsisilbi itong paalala na ang personal na karanasan at obserbasyon ay bahagi ng kritikal na diskurso, at maaaring maging tulay tungo sa mas masusing pag-aanalisa.

Ito ay sinusuportahan ng pag-aaral ni List (2024), sa pagsusuri ng mga estudyante sa iba't ibang uri ng ebidensya, natukoy na ang ebidensyang anekdotal ay madalas na ginagamit ngunit kadalasang may mababang kalidad kumpara sa sistematikong datos. Gayunpaman, ipinakita rin ng kanyang pag-aaral na ang mga mag-aaral ay nakakaunawa na ang anekdotal ay hindi kasing tibay ng ugnayang sanhi-bunga o correlational na ebidensya, ngunit nananatili itong bahagi ng kanilang proseso ng pagdedesisyon. Sa ganitong paraan, ang anekdotal na kritika ay maaaring magsilbing panimulang hakbang tungo sa mas masusing pagsusuri, kung saan ang personal na obserbasyon ay nagiging tulay sa mas mataas na antas ng kritikal na pag-iisip.

Sa kabuoan, ang anekdotal na kritika ay isang mahalagang uri ng pagsusuri na nakaugat sa personal na karanasan at impormasyong nakuha mula sa media. Bagama't limitado ang ebidensyang ginagamit, nakapagbibigay ito ng dagdag na perspektiba sa mga isyung panlipunan. Ang ganitong uri ng kritika ay maaaring magsilbing panimulang hakbang sa paghubog ng mas mataas na antas ng kritikal na pag-iisip, kung saan ang anecdotal na pananaw ay maaaring palawakin at patibayin sa pamamagitan ng mas sistematikong ebidensya at lohikal na pagsusuri.

### *4.6 Mga Kamalian sa Gramatika sa Kritika tungkol sa West Philippine Sea*

Ang pagsusuri sa mga kritika ng mga mag-aaral ay nagpakita ng iba't ibang kamalian sa gramatika na nakaaapekto sa kalinawan at kredibilidad ng kanilang pahayag. Ang mga pagkakamaling ito ay hindi lamang teknikal na usapin sa wika, kundi nagsisilbing indikasyon ng kakulangan sa kasanayan sa akademikong pagsulat at sa tamang paggamit ng wikang Filipino. Sa pamamagitan ng sistematikong pagtalakay sa mga kamalian, masusuri kung paanong ang gramatika ay may mahalagang papel sa pagbibigay ng lohikal, organisado, at kapani-paniwalang argumento sa mga kritika hinggil sa mga isyung panlipunan.

Makikita sa Talahanayan 5 ang mga karaniwang kamalian sa gramatika ng mga mag-aaral sa kanilang kritika hinggil sa isyu ng West Philippine Sea. Ang mga kamalian ay nakapaloob sa sampung kategorya: maling paggamit ng malaking titik, maling paggamit ng maliit na titik, kamalian sa baybay, pagkakaltas ng ponema, maling paggamit ng bantas, kakulangan sa paggamit ng gitling, pagdurugtong ng dalawang salita, paghihiwalay ng pantig, maling gamit ng salita, at pag-uulit ng pantig. Ang mga halimbawa ay mula mismo sa aktwal na komento ng mga mag-aaral, na inihambing sa tamang gamit ayon sa alituntunin ng balarila ng Filipino.

Talahanayan 5: Mga Kamalian sa Gramatika sa Kritika tungkol sa West Philippine Sea

| Uri ng Kamalian | Halimbawa mula sa Kritika | Tamang Gamit / Pagwawasto |
|---|---|---|
| Malaking titik sa pangngalang pantangi | *"ang china ay mga matitigas ang ulo…"* | China |
| Maliit na titik sa salitang hindi pantangi | *"Wala tayong Laban dahil mapera Ang china…"* | laban, ang |
| Pagbaybay ng salita | *"Grabe na Kayu China…"* | Kayo |
| Pagkakaltas ng ponema | *"Sana hinde nalang humantong…"* | Hindi |
| Paggamit ng bantas | *"Walang hiya ang china Walang awa Kapal ng mga mukha"* | Walang hiya ang China. Walang awa. Kapal ng mga mukha. |

| | | |
|---|---|---|
| Paggamit ng gitling | *"pag aagawan, may ari"* | pag-aagawan, may-ari |
| Pagdurugtong ng dalawang salita | *"parin, nalang, palang"* | pa rin, na lang, pa lang |
| Paghiwalay ng pantig | *"makapang yarihan, pag mamay ari"* | makapangyarihan, pagmamay-ari |
| Wastong gamit ng salita | *"din"* | rin |
| Pag-uulit ng pantig | *"ikakabuti"* | ikabubuti |

Batay sa datos, lumalabas na ang pinakakaraniwang kamalian ay ang hindi paggamit ng malaking titik sa pangngalang pantangi gaya ng China at West Philippine Sea. Ipinapakita nito ang kakulangan ng mga mag-aaral sa pagtalima sa batayang tuntunin ng pagsulat. Kasunod nito, madalas ding nakaligtaan ang pagbaybay ng salita *(kayu* sa halip na *kayo, hinde* sa halip *na hindi),* na nagpapakita ng impluwensiya ng pasalitang wika sa kanilang pagsulat.

Ang paggamit ng bantas ay isa ring malaking suliranin. Maraming pangungusap ang walang tuldok o tamang paghihiwalay, gaya ng *"Walang hiya ang china Walang awa Kapal ng mga mukha"*, na nagiging sanhi ng kawalan ng malinaw na daloy ng ideya. Dagdag pa rito, ang paggamit ng gitling ay madalas na nakakaligtaan, gaya ng *pag aagawan* sa halip na na *pag-aagawan*, na nagpapakita ng kakulangan sa teknikal na kaalaman sa morpolohiya ng Filipino.

Napansin din ang pagdurugtong ng dalawang salita *(parin, nalang, palang)* at paghihiwalay ng pantig *(makapang yarihan, pag mamay ari),* na parehong nagpapakita ng kawalan ng konsistensiya sa pagsulat. Ang maling gamit ng salita *(din* sa halip na *rin)* ay nagpapakita ng kakulangan sa pag-unawa sa konteksto ng paggamit ng mga salitang magkatulad ngunit may tiyak na tuntunin. Sa huli, ang pag-uulit ng pantig *(ikakabuti* sa halip *na ikabubuti)* ay nagpapakita ng kakulangan sa kaalaman sa tamang pagbuo ng salita.

Ang mga kamaliang ito ay may malalim na implikasyon sa pag-unlad ng kasanayan sa kritikal na pagsulat ng mga mag-aaral. Una, nakaaapekto ito sa kalinawan ng mensahe lalo ang maling bantas, baybay, at estruktura ng salita ay nagiging hadlang sa mabisang pagpapahayag ng kanilang saloobin. Ikalawa, nakikita rito ang kakulangan sa pagtalima sa pamantayan ng akademikong pagsulat, na mahalaga sa pagbuo ng kredibilidad ng kanilang argumento. Ikatlo, ang paulit-ulit na kamalian ay maaaring mag-ugat sa kakulangan ng masusing pagtuturo at pagsasanay sa tamang paggamit ng gramatika sa konteksto ng kritikal na pagsusuri.

Makikita na ang mga kamalian sa gramatika ng mga mag-aaral sa pagsusulat ay hindi natatangi sa konteksto ng West Philippine Sea kundi bahagi ng mas malawak na suliranin sa akademikong pagsulat sa Filipino. Ayon kay Tica (2024), karaniwan ang mga pagkakamali sa baybay, paggamit ng panghalip, at pang-angkop, na dulot ng kakulangan sa kaalaman sa gramatika at impluwensiya ng pasalitang wika. Ang obserbasyong ito ay kaakibat ng mga kamalian sa baybay gaya ng *kayu* sa halip na *kayo* at *hinde* sa halip na hindi na lumabas sa datos.

Sa kabuoan, ang mga mag-aaral ay may kakayahang magpahayag ng kanilang saloobin sa isyu ng *West Philippine Sea* ngunit ang kanilang mga ideya ay nagiging limitado dahil sa kamalian sa gramatika. Ang mga kamaliang ito ay hindi lamang teknikal na pagkukulang, kundi indikasyon ng pangangailangan sa mas malalim na pagsasanay sa akademikong pagsulat. Ang tamang paggamit ng malaking titik, baybay, bantas, gitling, at estruktura ng salita ay hindi lamang pormal na tuntunin, kundi mahalagang kasangkapan upang maging malinaw, kapani-paniwala, at epektibo ang kanilang kritikal na diskurso.

### *4.7 Mga Kamalian sa Gramatika sa Kritika tungkol sa Pagkakakilanlan ni Alice Guo*

Ang pagsusuri sa mga kritika ng mag-aaral hinggil sa kontrobersyal na pagkakakilanlan ni Alice Guo ay nagbigay-diin hindi lamang sa kanilang pananaw kundi pati na rin sa mga kamalian sa gramatika na lumitaw sa kanilang mga pahayag. Ang mga kamaliang ito ay nagpapakita ng kalakasan ng damdamin ng mga mag-aaral sa isyu, subalit kasabay nito ay ang kahinaan sa teknikal na aspeto ng pagsulat. Sa pamamagitan ng masusing pag-aaral ng mga kamalian, mas mauunawaan ang mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika sa konteksto ng kritikal na pagsusuri.

Makikita sa Talahanayan 6 ang mga karaniwang kamalian sa gramatika ng mga mag-aaral sa kanilang kritika hinggil sa pagkakakilanlan ni Alice Guo. Ang mga kamalian ay nakapaloob sa pitong kategorya: maling paggamit ng malaking titik sa

pangngalang pantangi, kamalian sa baybay, pagdurugtong ng dalawang salita, maling paggamit ng kudlit, kakulangan sa paggamit ng gitling, maling gamit ng salita, at kakulangan sa tamang bantas. Ang mga halimbawa ay mula sa aktwal na komento ng mga mag-aaral na inihambing sa tamang gamit ayon sa pamantayan ng balarila ng Filipino.

Talahanayan 6: Mga Kamalian sa Gramatika sa Kritika tungkol sa Pagkakakilanlan ni Alice Guo

| **Uri ng Kamalian** | **Halimbawa mula sa Kritika** | **Tamang Gamit / Pagwawasto** |
|---|---|---|
| Malaking titik sa pangngalang pantangi | *"Si alice guo ay usap-usapan…"* | Alice Guo |
| Baybay ng salita | *"hinde, eligal, ekonomeya, papil"* | hindi, iligal, ekonomiya, papel |
| Pagdurugtong ng dalawang salita | *"nalang, kolang"" "saating"* | na lang, ko lang |
| Kulang ng gitling | *"taga China"* | taga-China |
| Wastong gamit ng salita | *"din"* | Rin |
| Paggamit ng bantas | *"Umamin nalang si Alice Gou kesa lumaki pa ang kanyang problema sobrang halata…"* | Umamin na lang si Alice Guo, kaysa lumaki pa ang kanyang problema. Sobrang halata… |

Batay sa datos, kapansin-pansin ang hindi paggamit ng malaking titik sa pangalan ng tao at bansa gaya ng *alice guo* at *china,* na nagpapakita ng kakulangan sa pagtalima sa batayang tuntunin ng pagsulat. Ang kamalian sa baybay tulad ng *hinde, eligal, ekonomeya, papil* ay nagpapakita ng impluwensiya ng pasalitang wika at kakulangan sa masusing pag-aaral ng ortograpiya. Dagdag pa rito, ang pagdurugtong ng dalawang salita gaya ng *nalang, kolang* at *saating* ay nagpapakita ng kawalan ng konsistensiya sa pagsulat.

Ang kakulangan sa paggamit ng gitling gaya ng *taga China* sa halip na *taga-China* ay nagpapakita ng hindi pagsunod sa tuntunin sa pagbuo ng mga salitang may unlapi. Samantala, ang maling gamit ng salita gaya ng paggamit ng *din* sa halip na *rin* ay nagpapakita ng kakulangan sa pag-unawa sa konteksto ng paggamit ng mga salitang magkatulad ngunit may tiyak na tuntunin. Sa huli, ang kakulangan sa tamang bantas gaya ng kawalan ng tuldok sa pasalaysay na pangungusap ay nagiging sanhi ng magulong daloy ng ideya at nakaaapekto sa kalinawan ng mensahe.

Ang mga kamaliang gramatikal na ito ay may malaking epekto sa kredibilidad at pagiging malinaw ng kritikal na pagsusuri ng mga mag-aaral. Naaapektuhan ang lohikal na pagbuo ng argumento sapagkat ang maling baybay, bantas, at estruktura ng salita ay nagiging sagabal sa maayos na pagpapahayag ng kanilang pananaw. Ipinapakita nito ang kakulangan sa kasanayan sa akademikong pagsulat na mahalaga sa paglikha ng makabuluhang diskurso hinggil sa mga kontrobersyal na isyu. Ikatlo, ang paulit-ulit na pagkakamali ay maaaring magmula sa kakulangan ng masusing pagtuturo at sapat na pagsasanay sa tamang paggamit ng gramatika sa konteksto ng kritikal na pagsusuri.

Binigyang-diin na ang pagsulat ay nangangailangan ng malinaw na organisasyon ng ideya at tamang paggamit ng mga bahagi ng pangungusap. Natuklasan na ang mga mag-aaral ay madalas nagkakamali sa pagkakaltas o pagdaragdag ng mga elemento sa pangungusap, na nagiging sanhi ng hindi pagkakaunawa ng mambabasa. Ang obserbasyong ito ay kaugnay ng kakulangan sa paggamit ng kudlit at gitling sa kritika ng mga mag-aaral.

### *4.8 Mga Kamalian sa Gramatika sa Kritika tungkol sa Pagtaas ng Presyo ng mga Bilihin*

Ang pagsusuri sa mga kritika ng mag-aaral hinggil sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin ay nagpapakita ng malinaw na ugnayan sa kanilang kasanayan sa gramatika. Ang mga kamalian sa baybay, bantas, estruktura ng pangungusap, at wastong gamit ng salita ay hindi lamang teknikal na pagkukulang, kundi indikasyon ng mas malalim na suliranin sa akademikong pagsulat. Sa pamamagitan ng sistematikong pag-aanalisa, masusuri kung paano nakaaapekto ang mga kamaliang ito sa kredibilidad ng kanilang argumento at sa kabuuang kalidad ng kritikal na pagsusuri.

Makikita sa Talahanayan 7 ang mga kamalian sa gramatika sa kritika tungkol sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin.

Talahanayan 7: Mga Kamalian sa Gramatika sa Kritika tungkol sa Pagtaas ng Presyo ng mga Bilihin

| Uri ng Kamalian | Halimbawa mula sa Kritika | Tamang Gamit / Pagwawasto |
|---|---|---|
| Maliit na titik sa salitang hindi pantangi | *"Dapat aksyonan ni President Marcos ang kanyang mga pangako na lahat ng Bilihin…"* | Bilihin |
| Baybay ng salita | *"subrang, pweding, goberno, ngayun"* | sobrang, puwedeng, gobyerno, ngayon |
| Paghiwalay ng pantig | *"nag hihirap, pag gawa"* | naghihirap, paggawa |
| Paggamit ng gitling | *"pag upo, pag-taas"* | pag-upo, pagtaas |
| Estruktura ng pangungusap | *"Wala pang eleksiyon ang pangako ay pagmura ng bilihin pero ang nangyayari ngayon ay napapamura ang mga Pilipino…"* | Wala pang eleksiyon, ang pangako ay pagbaba ng presyo ng bilihin. Ngunit ang nangyayari ngayon ay napapamura ang mga Pilipino… |
| Pag-uulit ng pantig | *nakakalungkot* | Nakalulungkot |
| Wastong gamit ng salita | *Pinakalaking* | Pinakamalaking |

Makikita sa talahanayan 7 na ang mga mag-aaral ay nakagawa ng iba't ibang uri ng kamalian sa gramatika sa kanilang kritika hinggil sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin. Kabilang dito ang maling paggamit ng malaking titik sa mga salitang hindi pantangi gaya ng *Bilihin,* maling baybay ng mga salita gaya ng *subrang, pweding, goberno, ngayun,* paghihiwalay ng pantig gaya ng *nag hihirap* at *pag gawa,* maling paggamit ng gitling gaya ng *pag upo* at *pag-taas,* at hindi maayos na estruktura ng pangungusap gaya ng halimbawa sa pangungusap tungkol sa eleksiyon at presyo ng bilihin. Bukod dito, lumabas din ang kamalian sa pag-uulit ng pantig gaya ng *nakakalungkot* sa halip na *nakalulungkot*, at maling gamit ng salita gaya ng p*inakalaking* sa halip na *pinakamalaking.*

Ang mga kamaliang ito ay nagpapakita ng iba't ibang antas ng kahinaan sa kasanayan ng mga mag-aaral sa wika. Ang maling paggamit ng malaking titik sa mga salitang hindi pantangi ay nagpapakita ng kakulangan sa kaalaman sa tamang kapitalisasyon, na nakaaapekto sa pormalidad ng teksto. Ang maling baybay ng mga salita ay indikasyon ng impluwensiya ng pasalitang wika sa pagsusulat, na nagiging hadlang sa standardisasyon ng Filipino bilang akademikong wika. Ang paghihiwalay ng pantig ay nagpapakita ng kakulangan sa kaalaman sa morpolohiya ng Filipino, na nagdudulot ng kalituhan sa mambabasa. Ang maling paggamit ng gitling ay nagpapakita ng hindi pag-unawa sa tuntunin ng ortograpiya, na nakaaapekto sa daloy ng pagbasa. Ang hindi maayos na estruktura ng pangungusap ay nagiging sanhi ng kalituhan at nagpapahina sa argumento ng mag-aaral. Ang paggamit ng kolokyal na anyo gaya ng nakakalungkot ay nagpapakita ng impluwensiya ng pasalitang wika sa pormal na pagsusulat. Ang maling gamit ng salita gaya ng pinakalaking ay nagpapakita ng kakulangan sa kaalaman sa tamang anyo ng salita, na nakaaapekto sa semantika ng Filipino.

Ang mga kamaliang gramatikal na ito ay nagpapakita ng pangkalahatang kakulangan ng mga mag-aaral sa kasanayan sa akademikong pagsulat. Ang paulit-ulit na kamalian sa baybay, kapitalisasyon, at estruktura ng pangungusap ay indikasyon ng kakulangan sa masusing pagtuturo ng gramatika at ortograpiya. Ang impluwensiya ng kolokyal na wika sa pormal na pagsusulat ay nagpapakita ng pangangailangan para sa mas malinaw na distinksiyon sa pagitan ng pasalita at pasulat na anyo ng Filipino. Sa kabuoan, ang mga kamaliang ito ay nakaaapekto sa kredibilidad ng kritika at sa kakayahan ng mga mag-aaral na makapagpahayag ng lohikal at malinaw na argumento.

Sa antas ng mag-aaral, ang mga kamaliang ito ay nagpapakita ng pangangailangan para sa mas masusing pagsasanay sa tamang paggamit ng gramatika at ortograpiya. Sa antas ng guro, ito ay indikasyon ng pangangailangan para sa mas pinatibay na pagtuturo ng Filipino bilang akademikong wika. Sa antas ng lipunan, ang mababang antas ng kasanayan sa pagsusulat ay maaaring magdulot ng mababang kalidad ng diskurso sa mga isyung panlipunan gaya ng pagtaas ng presyo ng bilihin.

Ang resultang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Alodos at Tomas (2024), na nagpakita na ang karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng sanaysay ay nakaugat sa kakulangan sa gramatika at ortograpiya, na nakaaapekto sa kalinawan at kredibilidad ng akademikong pagsulat.

Sa kabuoan, ang pagsusuri sa mga kamalian sa gramatika ng mga mag-aaral hinggil sa pagtaas ng presyo ng bilihin ay nagpapakita ng malalim na pangangailangan para sa masusing pagtuturo ng tamang baybay, bantas, at estruktura ng pangungusap. Ang mga kamaliang ito ay hindi lamang teknikal na pagkukulang, kundi indikasyon ng mas malawak na suliranin sa kasanayan sa akademikong pagsulat. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga umiiral na pag-aaral bilang suporta, malinaw na ang pagpapalakas ng kasanayan sa gramatika ay mahalaga upang mapataas ang antas ng kredibilidad at kalinawan ng kritikal na pagsusuri ng mga mag-aaral.

### *4.9 Mga Kamalian sa Gramatika sa Kritika tungkol sa Pagpapatupad ng Diborsyo sa Pilipinas*

Ang pagsusuri sa mga kritika ng mag-aaral hinggil sa isyu ng pagpapatupad ng diborsyo sa Pilipinas ay naglalayong tukuyin ang mga karaniwang kamalian sa gramatika na nakaaapekto sa kalinawan ng kanilang mga pahayag. Ang mga kamaliang ito ay hindi lamang teknikal na pagkukulang, kundi nagpapakita rin ng mas malalim na suliranin sa kasanayan sa akademikong pagsulat. Sa pamamagitan ng masusing pag-aanalisa, masusuri kung paano nakaaapekto ang mga kamaliang gramatikal sa lohikal na pagbuo ng argumento at sa kabuuang kalidad ng kritikal na pagsusuri ng mga mag-aaral.

Makikita sa Talahanayan 9 ang mga kamalian sa gramatika sa kritika tungkol sa pagpapatupad ng diborsyo sa Pilipinas.

Talahanayan 8: Mga Kamalian sa Gramatika sa Kritika tungkol sa Pagpapatupad ng Diborsyo sa Pilipinas

| Uri ng Kamalian | Halimbawa mula sa Kritika | Tamang Gamit / Pagwawasto |
|---|---|---|
| Baybay ng salita | *"dibursiyon, phisikal, kisa, maapektohan"* | diborsiyon, pisikal, kaysa, maapektuhan |
| Pag-uulit ng pantig | *"nakakasira, nakakaranas makakatulong nakakabuti"* | nakasisira, nakararanas, makatutulong, nakabubuti |
| Pagdurug-tong ng dalawang salita | *"saating, dibale, kolang"* | sa ating, di bale, ko lang |
| Paghihiwa-lay ng pantig | *"napaka komplekadong, nag desisyon"* | napakakumplekadong, nagdesisyon |
| Wastong gamit ng salita | *"kong"* sa halip na *"kung"* | Kung |
| Estruktura ng pangungu-sap | *"Ito ay usap-usapin ng buong Pilipinas. Ito ay isang sagrado ang pagapapaka-sal* | Ito ay usapin ng buong Pilipinas. Ang pagpapakasal ay isang sagradong pangyayari… |

Batay sa nakalap na datos, lumabas na ang mga mag-aaral ay nakagawa ng iba't ibang uri ng kamalian sa gramatika sa kanilang kritika hinggil sa diborsyo. Kabilang dito ang maling baybay ng mga salita gaya ng *dibursiyon, phisikal, kisa, maapektohan*; kamalian sa pag-uulit ng pantig gaya ng *nakakasira, nakakaranas, makakatulong, nakakabuti;* pagdurugtong ng dalawang salita gaya ng *saating* at *dibale*, *kolang*; paghihiwalay ng pantig gaya ng *napaka komplekadong* at *nag desisyon*; maling gamit ng salita gaya ng *kong* sa halipbes na *kung*; at hindi maayos na estruktura ng pangungusap gaya ng *"Ito ay usap-usapin ng buong Pilipinas. Ito ay isang sagrado ang pagapapakasal…"* na dapat ay *"Ito ay usapin ng buong Pilipinas. Ang pagpapakasal ay isang sagradong pangyayari…"*

Ang resultang ito ay sinusuportahan sa pananaliksik ni Cuyos et al. (2024) na ang mga mag-aaral sa kolehiyo ay patuloy na nakararanas ng kamalian sa tamanag ayos ng mga salita, pag-

uulit, at subject-verb agreement, na nagpapakita ng pangangailangan para sa mas pinatibay na pagtuturo ng gramatika sa lahat ng antas ng edukasyon.

Sa kabuoan, ang pagsusuri sa mga kritika ng mag-aaral hinggil sa diborsyo sa Pilipinas ay nagpakita ng iba't ibang kamalian sa gramatika na sumasalamin sa kanilang limitadong kasanayan sa akademikong pagsulat. Ang mga kamalian sa baybay, pag-uulit ng pantig, maling gamit ng salita, at estruktura ng pangungusap ay nagdulot ng kalituhan at nakababawas sa kredibilidad ng kanilang argumento. Pinatotohanan ng mga kaugnay na pag-aaral na ang ganitong uri ng kamalian ay karaniwan sa iba't ibang antas ng edukasyon, kaya't mahalagang palakasin ang pagtuturo ng gramatika at ortograpiya upang matiyak na ang mga mag-aaral ay makapagsusulat nang malinaw, lohikal, at may sapat na kredibilidad sa pagtalakay ng mga sensitibong isyung panlipunan.

### 4.10 Mga Estratehiya sa Pagpapaunlad ng Kakayahan sa Gramatika at Pagpapahayag

Ang kakayahan ng mga mag-aaral na gumamit ng tamang gramatika at magpahayag ng kanilang mga ideya nang malinaw at epektibo ay isang mahalagang kasanayan na kailangan upang makamit ang tagumpay sa akademya at sa buhay. Gayunpaman, maraming mag-aaral ang nahihirapang magkaroon ng kasanayan at kumpiyansa sa paggamit ng wasto at epektibong komunikasyon.

Batay sa mga resulta hinggil sa uri ng kritika at mga kamalian sa gramatika ng mga mag-aaral, nabuo ang mga estratehiyang makatutulong sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa gramatika at pagpapahayag. Makikita sa Talahanayan 8 ang mga gabay at hakbang kung paano higit na mapapalakas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa tamang paggamit ng gramatika, lalo na sa pagbibigay ng kritika sa mga isyung panlipunan sa *social media*, partikular sa *Facebook.* Ipinapakita sa talahanayan ang anim na estratehiya sa pagpapaunlad ng gramatika at pagpapahayag, kalakip ang malinaw na paglalarawan at kongkretong halimbawa ng bawat hakbang.

Talahanayan 9: Mga Estratehiya sa Pagpapaunlad ng Kakayahan sa Gramatika at Pagpapahayag

| Estratehiya | Paglalarawan | Konkreto at Tamang Pagpapakita |
|---|---|---|
| Sistematikong Pagtuturo ng Gramatika | Ang gramatika ay itinuturo nang sunod-sunod at may malinaw na hakbang mula sa batayang kaalaman hanggang sa mas komplikadong estruktura. | Paggamit ng lesson plan na nakaayos mula sa simpleng tuntunin (baybay, bantas) patungo sa mas mataas na antas (estruktura ng pangungusap, semantika). |
| Pagsasanay at Konstruktibong Feedback | Ang mga mag-aaral ay binibigyan ng aktwal na pagsasanay sa pagsusulat at binibigyan ng malinaw na puna sa kanilang kamalian. | Pagbibigay ng writing exercises at pagtalakay ng mga kamalian sa klase, kalakip ang tamang pagwawasto at paliwanag. |
| Integrasyon sa Pagtuturo | Ang gramatika ay hindi hiwalay na paksa, kundi isinasama sa iba pang asignatura at gawain. | Paglalapat ng tamang gramatika sa pagsusulat ng sanaysay sa Araling Panlipunan o reaksyon sa mga isyung panlipunan. |
| Pagbibigay ng Pagkakataon sa Pagpapahayag | Ang mga mag-aaral ay binibigyan ng pagkakataong magsalita at magsulat nang malaya upang mailapat ang natutunan. | Oral recitation, debate, at pagsulat ng kritika na sinusuri hindi lamang sa nilalaman kundi pati sa gramatika. |
| Pagpapaunlad ng Kritikal na Pag-iisip | Ang gramatika ay ginagamit bilang kasangkapan upang malinaw na maipahayag ang lohikal na argumento. | Paggamit ng essay writing na nakatuon sa pagsusuri ng isyu, kung saan ang tamang gramatika ay mahalaga sa pagbibigay ng matibay na punto. |
| Paggamit ng Epektibong Kagamitang Panturo | Ang mga guro ay gumagamit ng makabagong kagamitan upang mas madaling maituro ang gramatika. | Paggamit ng visual aids, interactive modules, at digital platforms na nagbibigay ng agarang feedback sa grammar errors. |

Makikita sa datos na ang pagpapaunlad ng gramatika ng mga mag-aaral ay nakasalalay sa magkakaugnay na estratehiya na bumubuo ng komprehensibong proseso ng pagkatuto. Nagsisimula ito sa sistematikong pagtuturo ng

gramatika, kung saan ang malinaw na progresyon mula sa batayang tuntunin hanggang sa mas komplikadong estruktura ay nagbibigay ng matibay na pundasyon sa kaalaman ng mag-aaral. Kasunod nito, ang pagsasanay at konstruktibong *feedback* ay nagsisilbing gabay upang matukoy at maitama ang mga kamalian na nagtataguyod ng mas malalim na pag-unawa at metakognitbong kamalayan. Hindi rin hiwalay ang gramatika sa iba pang larangan ng pagkatuto, sapagkat sa pamamagitan ng integrasyon sa pagtuturo nagiging praktikal ang aplikasyon nito sa iba't ibang asignatura at konteksto, na lalo pang nagpapalakas sa akademikong kasanayan ng mga mag-aaral.

Dagdag pa rito, ang pagbibigay ng pagkakataon sa pagpapahayag ay nagiging mahalagang hakbang upang mailapat ang natutuhan sa aktwal na komunikasyon na nakapagpapalakas ng kumpiyansa at kasanayan sa pagsasalita at pagsusulat. Kaugnay nito, ang pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip ay nagpapakita na ang gramatika ay hindi lamang teknikal na kasanayan kundi kasangkapan sa malinaw na pagpapahayag ng lohikal na argumento kaya't nagiging mas matibay ang pagsusuri ng mga isyu. Sa huli, ang paggamit ng epektibong kagamitang panturo gaya ng biswal na pantulong, interaktibong modyul, at platapormang digital ay nagbibigay ng interaktibong karanasan na nakapagpapataas ng motibasyon at partisipasyon ng mga mag-aaral.

Ang ugnayan ng estratehiya, paglalarawan, at kongkretong pagpapakita ay nagsisilbing sistematikong balangkas ng pagkatuto. Ang malinaw na daloy mula sa pundasyon ng kaalaman, gabay sa pagwawasto, aplikasyon sa iba't ibang konteksto, aktwal na pagpapahayag, pagpapalalim ng kritikal na pag-iisip, hanggang sa suporta ng teknolohiya ay nagtitiyak ng mas epektibong pagkatuto. Sa ganitong paraan, ang gramatika ay hindi lamang nakikita bilang teknikal na tuntunin kundi bilang mahalagang kasangkapan upang malinaw na maipahayag ang ideya, makabuo ng lohikal na argumento, at makilahok sa makabuluhang diskurso. Ang integrasyon nito sa iba't ibang gawain ay nagiging tulay upang ang mga mag-aaral ay hindi lamang matuto ng tamang anyo ng wika, kundi matutong gamitin ito sa mas malawak na komunikasyon at pagsusuri ng mga isyu.

Ayon kina Bernardo at Madrunio (2015), ang integradong pagtuturo ng gramatika ay nakapagpapataas ng kasanayan at pag-unawa ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, ipinakita ni Corpuz (2020) na ang konstruktibong *feedback* ay mahalaga sa pag-unlad ng wika at motibasyon ng mag-aaral. Samantala, binigyang-diin ni Lante (2024) na ang integrasyon ng gramatika sa komunikatibong pagtuturo ay nakatutulong sa mas makabuluhang paggamit ng wika. Ipinakita rin ni Todorovska (2024) na ang kritikal na pag-iisip ay mahalagang kasanayan na dapat isama sa pagtuturo ng wika upang mapalalim ang pagsusuri ng mag-aaral.

Sa kabuoan, ang gramatika ay mahalagang sangkap sa pagbubuo ng kritikal na pag-iisip, malinaw na komunikasyon, at makabuluhang pakikilahok sa lipunan. Sa pamamagitan ng integradong paggamit ng iba't ibang pamamaraan at makabagong kagamitang panturo, nagiging mas dinamiko at nakasentro sa mag-aaral ang proseso ng pagkatuto. Ang ganitong pananaw ay nagbubukas ng posibilidad para sa patuloy na inobasyon sa pedagogiya ng Filipino, na nakatuon sa paghubog ng mga mag-aaral na hindi lamang bihasa sa tamang anyo ng wika kundi may kakayahang gamitin ito sa mas mataas na antas ng pag-unawa at diskurso.

## 5. KONGKLUSYON

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, narito ang mga sumusunod na kongklusyon:

Natuklasan na ang mga mag-aaral ay madalas nalalantad ng mga isyung may direktang epekto sa pambansang identidad, ekonomiya, at moralidad. Ang West Philippine Sea, pagkakakilanlan ni Alice Guo, pagtaas ng presyo ng bilihin, at diborsyo ang pangunahing usapin na kanilang nakikita sa *Facebook*. Ipinapakita nito na ang *social media* ay nagsisilbing daluyan ng impormasyon at diskurso, na humuhubog sa kamalayan ng kabataan sa mga napapanahong isyu.

Ang mga mag-aaral ay gumagamit ng iba't ibang uri ng kritika gaya ng emosyonal, ideolohikal, impulsibo, at anekdotal. Ang emosyonal na kritika ay nakabatay sa damdamin gaya ng galit, pangamba, at pag-asa; ang ideolohikal ay nakaugat sa nasyonalismo, feminismo, at sosyo-ekonomikong paninindigan; ang impulsibo ay nakabatay sa bugso ng damdamin at agarang reaksyon; at ang anekdotal ay nakabatay sa personal na karanasan o obserbasyon mula sa media. Ang mga uri ng kritika na ito ay nagpapakita ng aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa

diskurso, ngunit kadalasan ay kulang sa sistematikong ebidensya.

Lumitaw ang iba't ibang kamalian sa gramatika gaya ng maling paggamit ng malaking titik, maling baybay ng salita, kakulangan sa paggamit ng bantas at gitling, pagdurugtong o paghihiwalay ng pantig, maling gamit ng salita, at pag-uulit ng pantig. Ang mga kamaliang ito ay nagiging hadlang sa malinaw na pagpapahayag ng ideya at nakaaapekto sa kredibilidad ng kanilang kritika. Ipinapakita nito na bagama't may kamalayan ang mga mag-aaral sa mga isyu, kulang pa rin ang kanilang kasanayan sa teknikal na aspekto ng wika.

Sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral, kinakailangan ang sistematikong pagtuturo ng gramatika, pagbibigay ng sapat na pagsasanay na may konstruktibong feedback, integrasyon ng gramatika sa iba't ibang asignatura, pagbibigay ng pagkakataon sa pagpapahayag, pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip, at paggamit ng makabagong kagamitang panturo. Ang mga hakbang na ito ay makatutulong upang maiangat ang kanilang kakayahan mula sa emosyonal at impulsibong kritika tungo sa mas lohikal, analitikal at akademikong matibay na pagsusuri.

## 6. REKOMENDASYON

Mula sa mga kongklusyong inilahad ay iminumungkahi ng mananaliksik ang sumusunod na rekomendasyon:

Palakasin ang pagsasanay sa literasi ng impormasyon ng mga mag-aaral upang matulungan silang salain ang kredibilidad ng mga impormasyong nakikita sa *social media.* Maaari ring magsagawa ng mga pagsasanay sa literasi ng midya na nakatuon sa pagsusuri ng mga balita at post sa *Facebook,* upang maiwasan ang maling impormasyon at mapalalim ang kanilang kamalayan sa mga isyung panlipunan.

Magpatupad ng mga modyul sa kritikal na pag-iisip.sa kurikulum na nakatuon sa paghubog ng lohikal at ebidensyal na pagsusuri. Ang mga guro ay maaaring gumamit ng replektibong sanaysay at *structured peer reviews* upang maiangat ang kritika ng mga mag-aaral mula sa emosyonal at impulsibong tugon tungo sa mas sistematikong pagsusuri.

Magsagawa ng programang nakatutok sa interbensyon para sa gramatika na nakatuon sa baybay, bantas, at estruktura ng pangungusap. Maaaring gumamit ng pagsasanay sa gramatika, at peer-editing na aktibidad upang matulungan ang mga mag-aaral na makita at maitama ang kanilang kamalian.

Maaaring ipatupad ang mga komprehensibong programa sa paglinang ng wika na binubuo ng sistematikong pagtuturo ng gramatika, pagbibigay ng konstruktibong puna, integrasyon ng gramatika sa iba't ibang asignatura, pagbibigay ng pagkakataon sa pagpapahayag, at paggamit ng makabagong kagamitang panturo. Ang mga guro ay maaaring gumamit ng digital platforms na nagbibigay ng agarang feedback sa maling gramatika.

Para sa mga mananaliksik sa hinaharap, palawakin ang saklaw ng pag-aaral na ito, gumamit ng mas malalim na metodolohiya, at magdisenyo ng mga interbensyon upang masuri hindi lamang ang kasalukuyang kalagayan ng mga mag-aaral, kundi pati ang mga epektibong paraan upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa gramatika, kritikal na pag-iisip, at makabuluhang pakikilahok sa diskurso sa lipunan.

## 7. ACKNOWLEDGEMENT

Ang pananaliksik na ito ay hindi magiging matagumpay kung hindi dahil sa gabay at suporta ng mga sumusunod:

Una, taos-pusong pasasalamat sa Panginoong Diyos na nagbigay ng lakas, talino, at tiyaga upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito.

Ikalawa, lubos na pagpapahalaga kay Dr. Charissa Canubas, tagapayo ng pananaliksik, na walang sawang paggabay, pagbibigay ng mahahalagang payo, at pagbabahagi ng kanyang kaalaman na naging sandigan sa matagumpay na pagsasakatuparan ng pag-aaral.

Ikatlo, sa administrasyon at pamunuan ng Don Carlos Polytechnic College, sa pagbibigay ng pagkakataon at pahintulot na maisagawa ang pananaliksik sa kanilang institusyon.

Ikaapat, maraming salamat sa mga mag-aaral na kalahok, na buong puso at bukas-loob na nagbahagi ng kanilang oras, kaalaman, at karanasan na naging mahalagang bahagi ng datos ng pananaliksik.

Higit sa lahat, sa mga kaibigan at kapamilya na mananaliksik na nagsilbing inspirasyon, nagbigay ng moral na suporta, at nagpaalala ng kahalagahan

ng pagtitiyaga at dedikasyon sa kabila ng mga hamon.

## SANGGUNIAN

[1] Al Jazeera. (2024, May 22). Philippines House passes divorce bill, but hurdles remain. *Al Jazeera.* https://www.aljazeera.com

[2] Alibudbud, R., Smith, A., Liebrenz, M., & Arnado, J. M. (2024). Reframing divorce as a mental health policy issue in the Philippines. The Lancet Psychiatry, 11(4), 241–242. https://doi.org/10.1016/S2215-0366(24)00085-7

[3] Alodos, L. B., & Tomas, D. S. (2024). Mga kamalian sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sining sa Filipino. E-DAWA, 4(2), 55–70. https://doi.org/10.56901/MRBO1681

[4] Bowen, G., Gordon, J., & Chojnacki, J. (2017). Advocacy through social media: Exploring student engagement in addressing social issues. *Journal of Higher Education Outreach and Engagement.*

[5] Cuyos, J. R., Madidis, J., Dela Peña, M., Bula, R., Nibalvos, J., & Omaña, R. (2024). Navigating grammatical errors among Filipino tertiary students: Implication for linguistic competence. *Excellence IMJRISE.* https://doi.org/10.5281/zenodo.13265038

[6] DataReportal. (2024). *Digital 2024: Global overview report.* We Are Social & Meltwater. Retrieved April 28, 2026, from https://datareportal.com/reports/digital-2024-global-overview-report

[7] DataReportal. (2024). *Digital 2024: The Philippines.* We Are Social & Meltwater. Retrieved April 28, 2026, from https://datareportal.com/reports/digital-2024-philippines

[8] Duncan, D., & Barczyk, C. (2016). Facebook's effect on learning in higher education: An empirical investigation. *Journal of Education for Business, 91*(1), 11–17.

[9] Johnson, S. L., Elliott, M. V., & Carver, C. S. (2019). Impulsive responses to positive and negative emotions: Parallel neurocognitive correlates and their implications. *Biological Psychiatry, 87*(4), 338–349. https://doi.org/10.1016/j.biopsych.2019.08.018

[10] List, A. (2024). The limits of reasoning: Students' evaluations of anecdotal, descriptive, correlational, and causal evidence. *Journal of Experimental Education,* 92(1), 1–31. https://doi.org/10.1080/00220973.2023.2174487

[11] Liu, Z., Li, S., Shang, S., & Ren, X. (2021). How do critical thinking ability and critical thinking disposition relate to the mental health of university students? *Frontiers in Psychology, 12,* 704229. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2021.704229

[12] Martin, J. R., & White, P. R. R. (2005). *The language of evaluation: Appraisal in English.* Palgrave Macmillan.

[13] Moquerio, J., Garson, R., & Dupa, M. (2023). The influence of social media and mobile applications on students' mastery of English grammar. *International Journal of Educational Technology.*

[14] Nussbaum, M. C. (2001). *Upheavals of thought: The intelligence of emotions.* Cambridge University Press.

[15] Pekoz, B. (2025). Integrating grammar for communicative language teaching. *The Internet TESL Journal.*

[16] Philippine Statistics Authority. (2024). *Summary inflation report consumer price index (CPI).* Philippine Statistics Authority. https://psa.gov.ph

[17] Plantin, C. (2019). Emotion in argumentation. *Argumentation, 33*(2), 133–152. https://doi.org/10.1007/s10503-018-9475-5

[18] Punongbayan, J. C. (2024). Decomposing Philippine inflation into its supply and demand components (2001–2023). *University of the Philippines School of Economics Discussion Paper No. 2024-04.*

[19] Regondola, J. D. G. (2024). Sovereignty and security: The stakes in the West Philippine Sea. *Department of Education Division of Bataan.*

[20] Ricaforte, L. B. (2022). Social media exposure and usage of cyber slang: Bases in examining the academic writing conventions of the students. *Shanti Journal,* 1(1), 45–60.

[21] Soriano, H. B., & Bastida, G. L. (2024). Social media engagement and students' critical thinking disposition influenced by their information skills. *Journal of Interdisciplinary Perspectives, 2*(12), 45–67.

[22] South China Morning Post. (2024, June). Philippines mayor Alice Guo suspended amid identity controversy. *South China Morning Post.* https://www.scmp.com

[23] Tica-A, P. F. (2024). Students' grammatical errors in essay writing. *International Journal of Research Studies in Education, 13*(15), 123–135. https://doi.org/10.5861/ijrse.2024.24826

[24] Todorovska, R. (2024). Critical thinking in the language classroom – An important 21st century skill. *International Journal of Education and Philology, 5*(1), 39–48. https://doi.org//10.69648/BFSI1617

[25] University of the Philippines Marine Science Institute. (2024). *State of the coasts: West Philippine Sea report.* University of the Philippines Marine Science Institute. https://upmsi.ph

[26] Ybañez, A. R. M. L., Actub, M. C., & Magaway, K. C. (2020). *Approaches in literary criticism.* Department of Education.